# PINAPANATILING MALUSOG ANG INYONG MGA ALAGANG HAYOP SA PANAHON NG COVID-19



Puwedeng mahawa ng virus na nagdudulot ng COVID-19 ang mga aso at pusa.

Sa ngayon, walang ebidensiya na puwedeng mahawa ng mga aso at pusa ang mga tao ng COVID-19.

Protektahan ang alaga mo kung paano mo pinoprotektahan ang pamilya mo.

Ang pagpapabakuna ay makakabawas sa pagkalat ng COVID-19 at makapagbibigay ng proteksiyon sa iyo at sa alaga mo, kaya pakisuyong magpabakuna kapag ikaw na ang babakunahan.

## KUNG MAYROON KANG COVID–19 O NAKASALAMUHA NG MAY COVID–19

Ipaubaya sa iba mong kasama sa bahay ang pag-aalaga sa alaga mo.

Huwag palabasin ng bahay ang mga pusa, kung posible, at huwag hayaang gumala-gala ang mga alaga mo.

Kung mukhang may sakit ang alaga mo, tumawag sa beterinaryo.

Kung kailangang ikaw ang mag-alaga sa alaga mo

- iwasan ang close contact (gaya ng pagyakap, paghalik, pagtabi sa pagtulog).
- mag-mask kapag malapit sila sa iyo.
- maghugas ng kamay bago at pagkatapos silang bigyan ng kailangan nila o hawakan ang mga gamit nila (pagkain, treats, pakainan, laruan, at iba pa).

Center for One Health Research
deohs.washington.edu/cohr

HEALTH SCIENCES LIBRARY
UNIVERSITY of WASHINGTON
University Libraries
hsl.uw.edu

*Developed resources reported in this publication are supported by the National Library of Medicine (NLM), National Institutes of Health (NIH) under cooperative agreement number UG4LM012343 with University of Washington. The content is solely the responsibility of the authors and does not necessarily represent the official views of the National Institutes of Health.*